# Prologue

"You look beautiful tonight," bati ng classmate at kababata ni Kelly na si Ralph. Ito rin ang escort niya sa gabing ito ng kanyang debut. "Sana totoong akin ka na lang."

Kimi siyang ngumiti at itinuon ang isip sa isinasayaw nila. Alam niyang noon pa ay may gusto sa kanya ang kababata, pero dahil kaibigan lang ang turing niya rito, naiilang siya kapag ganoong nagpapalipad-hangin ito.

May discomfort din siyang nararamdaman, pakiramdam kasi niya ay may ibang tao na kanina pa nanonood sa kanya. Inilibot niya ang paningin sa bulwagang pinagdarausan ng kanyang debut. Tila saglit na tumigil ang tibok ng puso niya nang makasalubong ang isang pares ng maiitim na mata. At pag-aari iyon ng isang napakaguwapong lalaki.

Nakaupo itong mag-isa sa isang panig ng bar at nakatingin sa kanya. He was dressed inappropriately for her party. Out-of-place ang ordinaryong shirt at kupas na maong na suot nito. Gayunpaman, napakaganda ng pagkakadala nito niyon. He looked dashing, rugged and gorgeous. Kahit nakaupo, she

could tell na mas matangkad ito sa Kuya Mick niya. Moreno ang lalaki na nakadagdag sa manly appeal nito.

Derecho kung tumingin ang mga mata nito, tila inaarok pati ang kaluluwa niya. And there was a sexy and naughty glint in those expressive eyes. Sa sulok ng mga labi nito ay may namumuong pilyong ngiti. Something was telling Kelly that he was the kind of man that was too dangerous for someone so naïve like herself.

Hindi niya alam kung bakit parang na-magnet ang mga mata niya sa makisig na anyo nito. Ilang sandaling nagtitigan lang sila. Mayamaya ay umangat ang isang kamay nitong may hawak na baso, kasabay ng paglitaw ng pantay-pantay nitong mga ngipin nang ngitian siya. Napakapit siya nang mahigpit sa balikat ng kasayaw dahil pakiramdam niya ay nanghina ang kanyang mga tuhod.

“Kelly, are you listening?” narinig niyang tanong ni Ralph.

Ibinalik niya ang mga mata sa kababata. “May sinasabi ka ba?”

Ngumiti ito. “I was only asking kung may gagawin ka ba sa Saturday? It would be—”

"Ah, okay," wala sa loob na sagot niya. "Ralph, kilala mo ba 'yung lalaking nakaupo sa bar? Iyong naka-shirt."

Nilingon nito ang tinukoy niyang lugar.

"Hindi. Pero nakita ko siyang dumating kasama ng kuya mo. Baka kaibigan niya. Parang magkasing-edad sila. Anyway, tulad ng sinasabi ko, I was thinking if we could go somewhere on Saturday—"

Hindi gaanong naintindihan ni Kelly ang iba pang sinabi ng kapareha. Muli niyang itinuon ang kanyang atensyon sa misteryosong lalaki.

---

"Hi, sis! Nas'an si Nanang?" tukoy ni Kuya Mick sa kanilang cuarenta años na kasambahay.

Mula nang mamatay ang kanilang mga magulang nine years ago sa isang car accident, si Nanang Jacinta ang itinuring nilang pangalawang ina.

Napahinto si Kelly sa pagtipa sa hawak na gitara. Inalis niya saglit ang tingin sa songhits na nakalatag sa center table para tapunan ng tingin ang kapatid. Wala itong pang-itaas at ginawang pamunas ng pawis ang hinubad na t-shirt. May hawak din itong

bola sa isang kamay. Lihim niyang nailukot ang mukha.

Ibinalik niya ang mga mata sa binabasa bago sumagot, "Nag-grocery."

"Pakitimpla mo naman kami ng juice," lambing nito.

"Kuya, ngayon pa lang ako nakapagpahinga. Ako ang naglinis ng buong—" Natigilan siya nang mapansing may kasama ang kanyang kapatid.

"Hi," bati ng lalaking nakangiti nang ubod-tamis sa kanya.

*Oh, my God!* Gusto niyang tumili. *It's him!*

Hindi siya nakakilos. Ilang araw na niyang hiniling na magkita silang muli ng lalaking ito. Ni hindi ito naipakilala sa kanya ng kapatid noong gabi ng debut niya. Hinayang na hinayang tuloy siya.

Bigla siyang na-conscious sa hitsura. Alam ni Kelly na maganda siya. Marami ang nagsasabi na napakaganda ng bilugan niyang mga mata, matangos din ang ilong niya. Sexy ang pouted lips niya. Kahit naka-shorts lang siya nang maikli ngayon, hindi naman nakakahiya dahil makikinis at mahuhubog ang binti at hita niya.

Kaya lang kanina pa siya naligo, baka nangingintab na ang ilong niya. Maayos pa kaya ang buhok niya?

"He's my college buddy. Lumipat siya sa Zambales pagka-graduate namin. Pero ngayon, dito na kami sa Manila magtatayo ng construction business. Partnership namin," paliwanag ni Kuya Mick na ni hindi niya pinukulan ng tingin. Nanatili siyang nakatitig sa kasama nito.

"Binakuran ka ng boyfriend mo n'ung birthday mo, di tuloy ako nakalapit para magpakilala. I'm Blake."

Pinigilan niyang magpahalatang kinakabahan nang i-extend nito ang isang kamay sa kanya. Napansin niyang mayroon itong mababaw na cleft sa baba.

"J-Jacqueline. I mean, you can call me 'Kelly,'" she stammered. Gusto niya sanang ipaliwanag na hindi niya boyfriend si Ralph, pero naumid ang kanyang dila.

Lalong nagwelga ang mga paruparo sa tiyan niya nang maglapat ang mga kamay nila. There was a sensation she felt which she could not name.

---

Humangos si Kelly patungo sa pinto nang marinig ang mga katok doon. Sinilip muna niya ang hitsura sa salamin sa sala. Okay naman ang ayos niya. For sure, magugustuhan iyon ni Blake.

Nakangiti na siya nang malawak bago pa man buksan ang pinto.

"Blake! You're here," bulalas niya.

"Hi, Kelly." Dagling napawi ang ngiti niya nang mapansin ang magandang babaeng kaakbay ng binata.

"H-hi…" Napako ang tingin niya sa babae. Mestiza ito at may kahawig na isang dating *Miss Universe* winner.

"Oh, this is Yvonne, my fiancée," pakilala nito na nginitian pa ang babaeng kasama.

Parang gusto niyang mawalan ng ulirat. My God! Taken na pala ang man of her dreams!

---

Maingat na sumilip si Kelly sa bintana ng kanyang silid. Napabuntong-hininga siya nang makita si Blake. Nakikipaglaro ito ng basketball sa kanyang kuya sa half-court sa labas ng bahay nila.

His naked body glistened with sweat, but still, mukha pa rin itong mabango. Sa bawat galaw nito, nag-iigtingan ang muscles nito sa hubad-baro na katawan. He looked so masculine… so sexy.

Napangiti ito nang malawak nang pumalpak ang jumpshot ng kapatid niya. Kelly held her breath. *He's really a hunk….*

"Hay, Blake…" she sighed deeply.

Kung bakit kasi nauna pa itong ipanganak sa kanya nang sampung taon. Tingin tuloy nito sa kanya ay isang nakababatang kapatid lang. He was so near, yet so far….

Dumapa siya sa kanyang kama at nangalumbaba. Siguro dapat na niyang kalimutan ang crush niya rito. May girlfriend na ito at nagbabalak na ngang magpakasal. Wala na siyang pag-asa.

Hinagilap ng kamay niya ang cellphone. Nag-scroll siya sa mga pangalan sa phonebook. Huminto ang daliri niya sa pangalang 'Ralph.'

Panahon na para iukol na lang niya sa ibang lalaki ang pagtinging iyon. Tutal wala naman iyong pupuntahan.

"Kelly! Oh, hi!" Masigla ang tinig ng kaklase

niya nang batiin siya matapos lamang ng isang ring.

# 1

“Mag-aasawa na si Clara?” gulat na gulat na bulalas ni Kelly.

Si Clara ay pinsan niya na mas matanda sa kanya nang apat na taon. Magpapaalam na ito sa kalendaryo sa susunod na buwan. Everybody thought na tanggap na nito ang single blessedness at magiging old maid ito tulad ng kanyang Tita Portia at Lola Leonora. Masungit at isnabera ang pinsan niyang iyon sa mga lalaki kaya walang manliligaw.

Pero ngayon ay mag-aasawa na ito! Nagpadala na nga ng invitation ang future bride para sa engagement party nito. May takot at kabang sabay na lumukob sa kanya. Kapag kasi nagpakasal na si Clara, siya na lang ang single sa kanilang magpipinsan. Baka tumanda na siyang dalaga!

Hindi niya alam kung ano bang espiritu ang sumanib sa kanya nitong nakakaraang mga buwan at bigla niyang naisip na gusto na niyang mag-asawa. Bata pa naman siya, magtu-twenty-four pa lang siya sa Abril. At noon, wala siyang pakialam kahit nauna pang nag-asawa sa kanya ang mga mas nakababata niyang pininsan. Masaya na siyang makihiram sa

mga sanggol ng mga ito at makipaglaro sa mga iyon. She was so busy with her career as a writer and college professor, na hindi niya napansin ang sariling love life. Ngayon lang niya naalalang ang huling relasyong pinasok niya ay noong twenty-one pa lang siya. That was almost three years ago!

Bigla niyang naisip na baka hindi na siya makapag-asawa. And no, ayaw niyang tumandang mag-isa!

Na-imagine niya ang sariling nagtuturo pa rin sa university sa pagtuntong niya ng cuarenta o kaya cincuenta. Pagkatapos, uuwi siya sa bahay niyang walang katau-tao. Lalaruin niya si *F—k you*, ang future anak ng pusa ng kuya niyang si *Dammit*. Magsusulat siya ng history at children's books, mag-aalaga ng halaman, maggagantsilyo, magluluto para sa sarili bilang pasttime niya. At paulit-ulit na ganoon ang gagawin niya, hanggang sa abutan na lang siya ng mga kapitbahay na hindi na humihinga. Ang lungkot!

*No, no, no! Hindi puwede iyon!* tili ni Kelly sa isip.

Ibinaba niya ang kubyertos sa pinggan.

"Tapos ka na?" tanong ni Blake na napatingin

sa kanya..Tuwing Linggo ay talagang naglalagi ito sa bahay nila.

"Yeah," sagot niya. Uminom na siya ng tubig.

"Nagsisimula ka nang mag-diet para sa kasal?" biro nito.

"You bet, Blake," singit ng Kuya Mick niya. "She has to prepare, abay iyan as always."

*Always a bridesmaid, never a bride*, iyon ang gusto nitong sabihin.

Naghimagsik ang kalooban niya nang sabay na tumawa ang dalawang lalaki. Hindi siya papayag na magkatotoo iyon sa kanya.

Pagkaakyat sa silid, nagsimula siyang mag-compose ng text message sa cellphone para sa kaibigang si Alelie.

*HELLO, HELLO,*

*Hello, how low…*

Umikot ang mga mata ni Kelly. Ang ingay naman kasi ng *driver* niya. Halos mabasag ang eardrums niya sa dagundong ng tugtog mula sa car stereo nito. Ang mas nakakainis pa, sinasabayan pa nito ang kanta. Mabuti sana kung nasa tono itong kumanta.

*When the lights out, it's less dangerous*

*Here we are now, entertain us…*

Naghe-head bang pa ang buwisit habang nakikipagpaligsahan sa lakas ng radyo.

*I feel stupid and contagious*

*Here we are now, enter—*

"Oy! Ba't mo pinatay?" Sambakol ang guwapong mukha ni Blake paglingon sa kanya.

"Ang ingay, eh," sagot niya.

Napailing na lang ito. Marahil kung hindi ito nagmamaneho ay baka nabatukan na siya. Siya na nga ang nakikisakay, siya pa itong mareklamo sa trip ng may-ari ng kotse.

"Buksan mo uli." *Kung di ihuhulog kita palabas ng kotse.* Tila iyon ang gusto ipahiwatig ng tingin nito.

"'Wag na, puro pangdurugista naman ang pinakikinggan mo."

"*Rakista*, Kelly," he corrected. "Hindi durugista."

"Iyon din 'yon."

Siyempre nagbibiro lang siya. Rock music fan

din siya kung tututusin. Hanggang ngayon nga ay nakadikit pa sa dingding ng kuwarto niya ang poster ng vocalist ng rock band na kumanta ng pinakikinggan nitong awitin kanina. Kaya lang ay bad mood siya ngayon at pakiramdam niya ay nang-aasar pa si Blake sa pagkakakanta.

Kunsabagay, ganoon talaga ang boses nito kapag kumakanta, parang laging nang-iinis. Sintunado kasi.

“Ano ba’ng problema mo? Bakit ba mukhang chiclet ka na naman?” tanong nito. Nakangisi na ito ngayon.

“Gago!” singhal niya.

Ang sinasabi nitong ‘chiclet’ ay iyong chewing gum na nginuya na nang ilang oras bago niluwa at idinikit sa pader. Pang-asar sa kanya ng Kuya Mick niya, na kaibigang matalik ng lalaking ito, roon daw siya ipinaglihi ng nanay nila. Alam na iyon ni Blake dahil may halos limang taon na rin itong labas-masok sa bahay nila.

“Sumusungit talaga kapag tumatandang dalaga, ’no?” Nanunukso ang ngiti nito at nangingislap ang mga mata.  “Wala ka pa ring boyfriend?”

Inirapan niya ito. Pakiramdam niya ay

napapagkaisahan na naman siya ni Kuya Mick at ng lalaking ito. Paanong nalaman nito ang naudlot na pakikipagrelasyon niya kay Tad? Malamang naikuwento na kaagad iyon ng magaling niyang kapatid.

"For your information, hindi ko pinanghihinayangan ang lalaking iyon."

Blake chuckled. Hindi maintindihan ni Kelly kung bakit ganoon ang reaksyon nito. Pakiramdam niya tuloy ay pinagdiriwang pa nito ang kasawian niya sa pag-ibig. Kung hindi lang sa pride, baka umiyak na siya sa harap nito.

"So loveless ka pa rin. Kaya pala...." Hindi nito itinago ang katuwaan.

Sumimangot siya. Manliligaw niya si Tad, ang dahilan ng pagmamarakulyo niya. Sa lahat ng manliligaw niya, na hindi naman ganoon karami, ito ang pinaka-okay. Balak na sana niyang sagutin ito, pero nabuko niyang may asawa at anak na pala itong itinatago sa probinsya. Binasted niya ito at iyon nga… naudlot ang unang relasyong papasukin niya sana after three years.

Ngunit hindi si Tad mismo ang dahilan ng pagkalungkot niya. Hindi niya pinanghihinayangan

ang manlolokong iyon.

Sa Linggo na ang engagement party ni Clara at balak niya sanang ipakilala si Tad kung hindi niya nga ito nabuko. Alam niyang siya ulit ang tampulan ng tukso kapag wala siyang hinarap na nobyo sa mga kamag-anak.

And it was making her sick. Maganda naman siya, mabait, matalino, may maayos na career. Bakit pagdating sa pakikipagrelasyon, olat siya? Naalala niya ang tatlong lalaking naging boyfriend niya. Pare-pareho ang rason kung bakit siya nakipaghiwalay sa mga iyon—pulos two-timer ang mga hinayupak. And she was starting to wonder, hindi ba talaga siya ang tipong sineseryoso?

“O, natahimik ka?” untag ni Blake.

“Shut up!” angil niya. Pinipigil lang niyang maiyak sa harap nito.

Pinukulan siya nito ng seryosong tingin bago itinuon muli ang mga mata sa daan. “Mahal mo ba ang ugok na ’yun?” Hindi siya sigurado pero tila galit ang tono nito.

Sandali siyang nag-isip. What was real love, anyway? Parang ayaw na niyang maniwalang mayroon talaga niyon. Bakit sa tinagal-tagal na

hinahanap niya iyon ay hindi pa rin niya makita? Baka next lifetime pa nakatakdang makita niya ang kanyang soulmate ….

"I don't know." She was fond of Tad, she liked his company at nababaitan siya rito kaya nga niya binalak sagutin. Sapat na ba iyon para sabihing nagmahal na siya nang totoo? Siguro nga, hindi iyon totoong pagmamahal. "But I'm serious when I'm in a relationship. I always try to make it work. Hindi ako katulad ninyo ni Kuya," parinig niya.

"Hey, one girlfriend at a time ako, ah. At wala akong inaagrabyadong babae. I've been very honest to them," angal nito na hindi niya pinansin.

Mabuti nga at tila nag-lie low na ang kapatid niya ngayon. Totohanan na nga yata ang relasyon nito sa bago nitong nobya. Pero si Blake….

Mula noong hindi matuloy ang kasal nito kay Yvonne, hindi na niya nakitang may sineryoso itong babae. Hindi ito nawalan ng girlfriend, though.

*Hmph!* Muli, nainggit si Kelly. Mas deserving naman siya ng maayos na love life kaysa sa dalawang lalaki, di ba?

Mayamaya ay nilingon siya ng katabi, napansin yatang maiiyak na siya.

"Hamo na, may kapalit iyon," anitong tila nang-aalo.

She sighed. Palagi na lang ganoon. Pangatlong beses na niyang narinig iyon, for Pete's sake!

---

"Ano ba'ng gagawin mo sa Quiapo?" tanong ni Blake kay Kelly pagkatapos ng ilang sandali. Doon kasi siya nagpapababa.

Kasalukuyang nasa Nueva Vizcaya ang kuya niya para sa tinanggap nitong project doon. Hindi na ito umuwi kahit special holiday nang araw na iyon. May pasok na rin kasi uli kinabukasan. Nasa talyer ang bulok niyang kotse kaya nakisabay na lang siya sa lalaking ito.

"Ano ba'ng ginagawa sa Quiapo kapag ganitong araw?" sarkastikong balik-tanong niya.

"Magno-novena ka?" Nilingon siya muli nito. Tumawa ito. "Ano naman ang ipagno-novena mo? Don't tell me pati maayos na love life, pinag—"

Napahiyaw si Blake nang pinagsusuntok niya ang kanang bicep nito. Pero alam niyang walang epekto iyon sa lalaki.

"Walanghiya ka talaga!" inis na sabi ni Kelly

nang mapagod. Napikon siya dahil may katotohanan ang ipinang-aasar nito. Iyon ang talagang ipagno-novena niya—ang mahanap na niya ang lalaking para sa kanya.

Lihim siyang lumabi. Masama ba iyon? Gusto lang naman niyang sumaya. Pangarap niyang makasama habang-buhay ang lalaking magmamahal at mamahalin din niya.

Siguro nga ay hopeless romantic lang siya. Masyado siyang nadala sa mga fairy tales na isinusulat niya. Bukod sa history books, nagsusulat din siya ng children's stories na mostly ay fairy tales. At sa tanda niyang iyon, naniniwala pa siyang puwedeng magkatotoo sa kanya ang isa sa mga happy-ending stories na isinulat niya!

Or, siguro nga ay desperada na siya.

"Tanggapin mo na lang kasing iyan talaga ang kapalaran mo—ang tumandang dalaga." Sinundan pa nito iyon ng malutong na halakhak.

Sa inis ay hinaltak ni Kelly ang tainga ng lalaki.

"Aray ko!" hiyaw ni Blake. "Sumosobra ka na. Inihahatid na nga kita, minamaltrato mo pa ako."

"Eh, di magsumbong ka kay Kuya." Ano ba

naman kung magkampihan ang mga ito laban sa kanya?

Sandali silang natahimik.

"O, dito ka na," anito nang nasa harap na sila ng simbahan. "Hindi na kita masusundo mamaya."

"At bakit?"

"May date ako. Bago." Kumindat pa ito sa kanya.

She sneered. "Nagtataka ako sa mga babaeng iyan. Ang dami-daming lalaki sa mundo, kung bakit sa 'yo pa nagpapauto."

He grinned. "Inggit ka lang."

Nainis na naman siya. Tama kasi uli ito. Hay, napaka-unfair talaga ng life!

Kahit labag sa kalooban, bumaba na siya mula sa kotse ni Blake.

"Salamat," sarkastiko niyang sabi.

"Smile, Kelly, smile," pang-aasar pa nito. "Baka mamaya, makita ka ni Mr. Right na ganyan ang hitsura mo at ma-turn off. Bahala ka, baka mag-decide na magpari na lang iyon. Tatanda ka talagang dalaga."

"Buwisit!" Pabalibag niyang sinara ang pinto ng kotse nito. Nang hindi pa umalis ang kanyang 'driver' sa harap niya, "Sige na, goodbye!"

"'Bye. Good luck sa novena mo," pahabol pa ng hari ng mga alaskador.

"Umalis ka na nga!"

Ang lakas ng tawa nito ay dinig pa ni Kelly. Bukas kasi ang bintana sa panig nito.

Naiiling siya habang naglalakad patungo sa simbahan.

Nakasanayan na niyang dalawang lalaki ang protective sa kanya—ang lalaking ito at ang kuya niya. Mula noong maging business partners sina Mick at Blake at naging madalas ang huli sa bahay nila, naging dalawa na ang kontrabida sa love life niya. Lahat yata ng naging nobyo niya ay malalayo ang loob sa mga ito. Umuulan ng pintas kapag pinag-uusapan nila ang mga iyon. Kunsabagay, lumabas namang tama rin sila. Kaya lang, pakiramdam niya ay sobra na ang pagiging protective ng mga lalaki. Hindi na siya bata na kailangang sundan ng tingin ang lahat ng gagawin.

Mabuti nga at mukhang seriously in love na si Kuya Mick kaya hindi na siya masyadong

pinakikialaman nito ngayon. Kaya lang, heto pa rin si Blake.

Halos kuya na rin ang turing niya sa binata. *Halos* lang, dahil inaamin niyang minsan siyang nagka-crush dito noon. Pero nang malaman niyang ikakasal na ito, kinalimutan na niya ang pagsintang pururot niya rito dahil parang hanggang pagtinging kapatid lang ang maibibigay nito sa kanya.

He had two siblings, pareho pang lalaki. Perhaps, he was seeing her as the sister he never had. Kaya pakialamero rin ito at alaskador katulad ng ibang kuya.

Hindi niya masabi kung blessing iyon o curse.

---

Pagkagaling sa simbahan, sumakay si Kelly ng taxi. Maaga pa at naisip niyang mamasyal muna sa kung saan. Biglang pumasok sa isip niya si Madamme Zipporah. Ito ang manghuhulang nirekomenda ng kaibigan niyang si Alelie. Magaling daw itong manghula at ilang beses na raw nitong nasubukan ang husay ng babae.

Matapos ang hulaan session, malawak na ang ngiti niya. Puno ng pag-asa ang dibdib niya. Habang naglalakad patungo sa sakayan ng taxi, alerto ang

mga mata ni Kelly sa mga lalaking nakasuot ng pink shirt.

Ayon kasi sa manghuhula, may dalawang signs siyang makikita sa isang lalaki para malaman niya kung ito ang itinakda para sa kanya. Una, naka-pink shirt ito sa una nilang pagkikita. Medyo nawirduhan siya sa taste ng kanyang Mr. Right, pero hindi na siya nagkomento kay Madame Zipporah. Kunsabagay, uso naman iyon. Pangalawa, uulan daw sa unang dalawang beses na halikan siya nito.

Tinakpan niya ng kamay ang bibig para pigilin ang kilig na gustong umalpas sa kanyang lalamunan. She just could not wait for him to come in her life. Parang gusto niyang kumanta ng *Someday, My Prince Will Come.*

Dahil siguro sa absent-minded siya sa sobrang pagde-daydream, hindi niya napansin ang rumaragasang kotse palapit sa kanya.

Huli na nang ma-realize niyang maling mangarap habang tumatawid ng daan!

# 2

Umungol si Kelly. Masakit na masakit ang ulo niya at nanghihina ang mga kalamnan niya.

Isang makalyong kamay ang naramdaman niyang humawak sa kamay niya. Ang una niyang naisip ay ang kanyang kapatid.

"Are you okay?"

Medyo natakot siya dahil may accent ang nagsalita.

Pinilit niyang idilat ang mga mata. And my, oh my! Ano ang ginagawa ni *Dionysus* sa tabi niya?

Ngumiti ito. "I'm Sylvester Wright," sabi ng lalaki. "Nabundol kita kanina malapit sa simbahan ng Quiapo."

*Ang cute niyang mag-Tagalog!* Matatatas pero may bahagyang accent.

"I... I'm Kelly." Inabot nito ang kamay niya at hindi na iyon binitawan.

"I'm so sorry. Hindi ko sinasadya. Mabilis ang patakbo ko at iniwasan kong mabunggo ang isang

jeep na papabangga sa akin."

His explanations were irrelevant. Dahil tila hindi naman niya iyon naririnig. Busy siya sa pag-aaral sa anyo ng lalaki.

His stance was perfect. Tila napaka-neat at napakabango nitong tingnan. And he was wearing pink! Ano nga raw ang pangalan? Sylvester Wright. Funny, 'Wright' sounds like 'right.'

Nawalang parang bula ang mga sakit na nararamdaman niya. Ito na nga kaya ang hinahanap niya?

"Kelly! Kelly! Are you okay?"

Nagulat siya nang biglang mahawi ang kurtina ng kinaroroonan niyang cubicle sa emergency room at iluwa niyon si Blake. Nang mapatingin ito sa foreigner na may hawak sa kamay niya, napalitan ng galit ang pag-aalala nito sa mukha.

"Bitiwan mo siya!" anito, sabay pakawala ng suntok sa panga ng lalaki sa tabi niya.

Napatili siya nang pumutok ang labi ng prospective Mr. Right niya.

Akmang susuntok itong muli nang sumigaw si Kelly.

"Stop this nonsense, Blake Jared!" Napalingon ito sa kanya, nagtatagis ang mga bagang. "Ano ba'ng problema mo at basta ka na lang pumapasok dito at nanununtok?"

Natigilan ito saglit pero humihingal pa rin sa galit.

"Excuse me," paalam ni Sylvester. Ipinarating niya sa pamamagitan ng tingin ang paghingi niya ng paumanhin dito. Tumango lang ito.

Hinayaan muna ni Blake na makalabas ng cubicle ang lalaki bago siya kinompronta.

"Iyong mestizo na hilaw na iyon ang nakabangga sa 'yo, di ba?" nakaangil na sabi nito.

"Oo. Pero kasalanan ko. Hindi ako nakatingin sa dinaraanan ko kanina."

"'Wag mo na siyang ipagtanggol." Tiim ang mga bagang nito. He was being protective again, obviously.

"At bakit ko naman siya ipagtatanggol?"

"Because you're attracted to him! Your eyes were twinkling pagpasok ko."

Natigilan si Kelly. Ganoon ba siya ka-transparent?

At bakit parang galit na galit ito?

“So what?” angil niya nang makapag-isip-isip.

“So what! Wait till your brother hears this. Nagsisimula ka na naman sa kalokohan mo. Hindi mo pa nga nakikilala ’yung tao, nagpapahawak ka na ng kamay?” Para itong nagbubuga ng apoy sa inis.

Muli siyang napaisip. Eh, ano ba ang big deal kung nagpahawak siya ng kamay? Parang gesture lang ni Sylvester iyon upang ipakita ang simpatya sa kanya. Wala siyang naramdamang malisya roon.

At bakit ba parang nobyong nagseselos ang tunog ni Blake?

Unti-unti ay nawala ang kunot sa kanyang noo at napalitan ng ngiti ang pagtulis ng nguso niya. Pagkatapos ay naging tawa iyon.

“Ano’ng nakakatawa?” angil ng binata na parang leon.

“Ikaw,” aniyang pinipigil ang tawa. “Ang OA mo kasi. Para namang mabubuntis ako kapag nakipaghawakan ako ng kamay.”

Inis na umirap ito sa kanya, and Kelly wondered how he did it in a very masculine way. Ito lang ang

kakilala niya na nakakagawa ng ganoon. He was really handsome.

Napangiti siyang muli. “Masyado mong sineseryoso ang pagbabantay mo sa akin, ha! Mukhang nagpapa-good shot ka kay Kuya. Bakit, may kakilala siyang maganda na gusto mong ligawan?”

Nakatitig lang ito sa kanya, his face serious. And then, he sighed, lumambot ang expression ng mukha.

“You could be so careless when you’re infatuated, Kelly,” paliwanag nito. Umupo ito sa gilid ng kama at marahang hinaplos ng daliri ang mga galos niya sa noo at sa gilid ng kaliwang mata. Pinigil niyang pumiksi. “How much more kapag na-in love ka na? Baka kung anong kabaliwan ang gawin mo.”

She smiled. She was touched with the sincere concern in his eyes. Daig pa nito ang kapatid niya kung mag-alala. She pinched his strong nose.

“Tell you what, Mr. Contreras. I’m twenty-three years old, not three. So stop treating me like a baby.”

“But you *are* my baby.”

Parang may humaplos sa puso niya sa tinig na ginamit nito. “Now you sounded like my father.”

Hindi ito kumibo. He just stared hard at her, hanggang sa muntik na siyang mailang.

“Kelly,” pabulong nitong tawag.

“What?” tanong niya habang nakatingin din dito. Gusto niyang pagtakhan ang ikinikilos nito.

He opened his mouth, pero walang salitang lumabas mula roon. Instead, he murmured an expletive bago tumayo, “Never mind.”

Nangunot ang noo ng dalaga. Naintriga siya sa ikinilos ni Blake.

---

Kinahapunan, nabigyan ng discharge slip si Kelly mula sa doktor na tumingin sa kanya. Maaari na siyang umuwi. Bukod sa maliliit na galos at pasa, wala nang ibang damage sa kanya ang pagkakabundol.

Si Blake ang sumundo sa kanya dahil wala pa rin ang kanyang kapatid.

“May konting problema kasi dito. Anyway, tiniyak naman ni Blake sa akin na okay ka na. Baka bukas ng umaga ay ’andiyan na ako sa atin. Babantayan ka muna ni Blake ngayong gabi,” saad ni Kuya Mick nang makausap niya sa cellphone.

Duda siya sa sinabi nitong rason ng pagka-delay ng uwi. Babae malamang ang dahilan niyon. Iba kasi ang ngiti ni Blake kanina nang magkausap ang mga ito sa telepono. Nakaringgan pa niyang tila mapipikot pa ang kuya niya—or *papapikot* to be exact.

Ayos na rin iyon para kay Kelly. Para matigil na ang kalalaro nito sa mga babae. Treinta y tres na si Mick.

"Hindi ba puwedeng ipagpabukas na lang natin ang pag-uwi?" tanong niya kay Blake na nag-aayos ng gamit niya.

Natigil ito sa ginagawa. "Para que? Maayos ka na naman daw sabi ng doctor."

"Bukas na ako uuwi, Blake. Sige na..."

Hinarap siya nito at tinitigan nang matalim. "Parang alam ko na kung bakit..."

"Sige na." Gusto niyang maabutan siya ni Sylvester sakaling bumalik ito bukas. Ni hindi pa nga siya nakakapagpasalamat sa pagdadala nito sa kanya sa ospital.

Iba naman ang intindi ni Blake doon. Akala yata nito, interesado siya kay Sylvester.

"Umandar na naman iyang kalokohan mo." Kuya na ulit ang tono nito ngayon, authoritative. "Di puwede."

Wala siyang nagawa kundi ang lumabi at bumulung-bulong.

---

Naabutan ni Kelly si Blake na nanonood ng TV. Alas ocho pa lang ng gabi at masyado pang maaga para matulog siya. Tila nawalan siya ng idea para sa susunod na eksena sa isinusulat niyang children's story kaya hindi na niya pinilit ang sariling mag-isip. Katulad niya, alam niyang naiinip din si Blake. Kanina ay ang laptop nito ang kaharap, marahil ay natapos na nito ang tinatrabaho kaya ang TV na lang ang inaatupag. Nagpapahinga na ang kasambahay nilang si Nanang Jacinta.

"Ano 'yan?" tukoy niya sa palabas sa telebisyon.

"*Beavis and Butthead*," anitong hindi siya nilingon. Patuloy ito sa pagnguya ng adobong mani.

"Cartoons?" She smiled mockingly. "Matanda ka na para diyan, Mr. Contreras."

Umupo siya sa tabi nito at hinablot ang remote control.

“Hoy!” Inabot nito ang kamay niya pero mabilis niya iyong iniiwas. Inilipat niya ang channel ng TV.

“’Yan,” she said when she saw a scene in the movie, *A Walk In the Clouds*. Halos kabisado niya iyon dahil five times niya iyong pinanood noon.

Blake sneered. “Love story na naman!” reklamo nito. “Hindi ka na ba nagsawa happy ending sa mga isinusulat mo?”

Inagaw muli nito ang remote control at ibinalik sa cartoons.

“Nakakaasar ka!” Hinampas niya ang braso nito. “Iyon na lang. Titigan ko lang si Keanu.”

“Ako na lang ang titigan mo.” Itinutok muli nito ang tingin sa telebisyon. “Mas guwapo pa ’ko doon.”

“Kapal!” OA niyang sigaw. Umarte pa siyang tila nasusuka.

Nang-iinis lang siya. Alam niyang artistahin ang hitsura ni Blake. Maraming nag-aalok ditong talent scout para maging artista o model kaya. Pero ang mayabang niyang kaibigan ay *mayabang* na tinanggihan iyon. Mas gusto nitong mag-concentrate sa businesses na hawak nito.

Hinarap siya nito. “Bakit ba nandito ka? Matulog

ka na nga."

"Hindi pa 'ko inaantok," salungat ni Kelly.

"Magsulat ka na lang."

"Eh, wala akong maisulat."

"Titigan mo 'yung screen ng monitor, aantukin ka rin mayamaya."

"Bakit ba, eh, sa gusto kong manood ng TV!" Wala sa loob na isinandal niya ang ulo sa balikat nito. Bigla itong umiwas at tumayo.

"Sandali, kukuha lang ako ng beer."

"Sali mo 'ko!" bulalas niya. Pinukol siya nito ng matalim na tingin. "Sige na, susubukan ko lang."

Wala ang Kuya Mick niya para manaway. At nandoon lang sila sa loob ng bahay. Wala sigurong mangyayaring masama sa kanya kung aalamin niya kung ano ang pakiramdam ng maging lasing ngayong gabi.

"Pagagalitan tayo ng kuya mo. Makipulutan ka na lang."

"Sige na, isang bote lang," pangungulit niya. Tumayo pa siya at niyugyog ang braso nito.

Humarap ito at tiningnan siya nang matiim. “Hindi puwede.” Mariin ang salita nito.

---

Kung anu-ano na ang kinukuwento ni Blake. Naging super-daldal ito matapos paghalu-haluin ni Kelly ang beer at *Emperador* na sinamahan niya ng kaunting gin. Hindi nito napansin ang ginawa niya.

“Hindi ko naman sinasadyang maging babaero, hindi ko lang talaga sila matanggihan. Saka naaawa ako pag iniiyakan na nila ako. Ewan ko ba kung ano’ng meron ako at nao-obsess sa kaguwapuhan ko ang mga babaeng ’yan.” Nakakunot pa ang noo ng binata na tila problemadung-problemado at disgustadung-disgustado sa ideyang iyon.

Napatawa si Kelly. Mapungay na rin ang mga mata niya dahil sinabayan niya ito sa pag-inom. Nalimutan na nito ang pambabawal sa kanya nang magsimulang umepekto ang *concoction* niya.

“Teka lang, ah.” Pinilit nitong tumayo, pero manabay pati ang kilos nito. Inalalayan niya ito.

“S’an ka ba pupunta?” tanong niya. Hilo na rin siya dahil hindi siya sanay uminom.

“Nawi-wee-wee ako,” anito.

Bumungisngis siya, ewan kung bakit. Ulap-ulap na pati ang reasoning niya. Inalalayan niya si Blake hanggang sa pinto ng banyo. Nang makapasok ito sa loob ng CR, umupo siya sa sahig sa labas niyon. Nahihilo na siya talaga. Pakiramdam niya ay umiikot ang lahat ng bagay sa paligid niya, pati ang sahig. Yumuko siya at ipinikit ang namimigat na mga mata.

# 3

*Ano ba iyon?* tanong ni Kelly sa sarili.

Parang minamartilyo sa sakit ang ulo niya. Nanghihina rin siya. Ayaw pa niyang bumangon pero may kung anong mabigat na bagay na nakapatong sa baywang niya. At may isa pang nakadagan sa bandang hita niya.

Pinakilos niya ang kamay at sinubukang itaas ang nasa tiyan—braso!

Napadilat siya. At ganoon na lang ang pandidilat niya nang matagpuan ang natutulog na mukha ni Blake sa kanyang tabi. Nasa baywang na ang kumot nito at nakahantad ang hubad na dibdib. Hindi niya alam kung ano pa ang naka-expose sa katawan nito sa ilalim ng kumot.

Muntik na siyang mapatili. Naihagis niya ang braso nito palayo. Umungol ang lalaki at dagling ibinalik ang braso nito sa pagkakapulupot sa kanyang baywang. Lalo pa siyang hinapit nito. Parang sasabog ang dibdib niya sa kaba.

Marahan niyang sinilip ang sariling katawan sa ilalim ng kumot. Nanghina siya nang makitang

naka-bra at panties lang siya.

Flashes of what happened last night came to her. Nag-inuman sila ni Blake. Pagkatapos… ano pa nga ba ang nangyari? Wala siyang maalala matapos niya itong ihatid sa banyo. Ipinikit niya ang mga mata at pilit hinalukay ang isip….

*Lumabas si Blake mula sa banyo. Mabigat na mabigat ang talukap ng mga mata niya. Naramdaman niyang may humawak sa braso niya at marahang hinihila siya patayo.*

*"Come on, Kelly," anang binata. Inalalayan siya nito habang naglalakad pabalik sa sofa.*

*She half-opened her eyes. Napansin niyang medyo basa ang mukha ng lalaki. "Naghilamos ka?" tanong niya. Tumango ito, parang nahulasan na ito mula sa kalasingan.*

*Nakakailang hakbang pa lang sila nang bumigay ang tuhod niya. Maagap siya nitong hinapit.*

*"Oops, sorry! Lasing na nga yata ako," aniya at humagikgik. Ipinikit niya muli ang mga mata at hinayaang ito ang gumabay sa kanya. Iniupo siya nito sa sofa. Inihilig naman niya ang ulo sa backrest. Iniwan siya nito saglit at naramdaman na lang niyang pinupunasan nito ang mukha niya ng binasang towel*

*sa maligamgam na tubig.*

*"Ang init naman niyan," reklamo niya. She opened her eyes.*

*"Para mawala ang lasing mo." His face was serious habang pinagpapala siya. She stared at it.*

*He had the most expressive eyes she had ever seen. Mahahaba ang pilikmata nito. Bumaba ang paningin niya sa matangos nitong ilong, hanggang sa mga labi. Kumunot ang noo niya.*

*"Ano ba 'yan, may sabon ka pa!" bulalas niyang tumatawa. Kinuskos niya ng daliri ang maliit na butil ng sabon sa sulok ng bibig nito.*

*She was staring at his lips, kung kaya hindi niya napansing natigilan ang lalaki at mataman na itong nakatingin sa kanyang mukha.*

*"May guhit ka pala sa gitna ng labi," komento niya. Wala sa loob na inilapit niya ang daliri roon. She felt its firmness and softness against her thumb. Hindi niya narinig ang paghugot ng hininga ni Blake. "Hindi ka ba talaga sumubok na manigarilyo kahit kailan?"*

*Hindi sumagot ang binata. Sa halip, napabuga ito ng marahas na hininga. Hinawakan siya nito sa pupulsuhan para marahil pigilan siya sa ginagawa.*

*Pero ayaw niya. Ni hindi niya tinapunan ng tingin ang mga mata nito. Idiniin niya ang hinlalaki sa labi nito.*

*"Good kisser ka siguro kaya maraming babae ang naloloka sa 'yo. Your lips are incredible.…"*

*Hindi siya sigurado kung siya o si Blake ang kumilos para magtagpo ang mga labi nila. But the moment their lips touched, an electric sensation travelled down her spine. He groaned aloud, caught her nape and pulled her head closer. He kissed her passionately… in a way that she had never imagined. Nakulong sa lalamunan niya ang isang mahabang ungol.*

*Nanghina siyang lalo nang laliman nito ang halik. Napakapit siya nang mahigpit sa mga balikat nito. Gusto pa sana niyang magtagal ang sandaling iyon. Pero naramdaman niyang parang nababasa ang tagiliran niya.*

*He let out an angry gnarl and let her go. Tumayo ito upang isara ang bintanang nasa bandang likuran ng sofa. Pumasok doon ang ulan mula sa labas ng bahay.*

*She closed her eyes and smiled. Blake kissed her again. Isang napakagandang panaginip nito.*

Hindi na niya alam kung ano ang nangyari pagkatapos niyon.

*Oh, God!* she exclaimed in her mind. Napariwara ba siya? At kay Blake?

Pinakiramdaman niya ang sarili, wala namang kakaiba sa katawan niya pero kinakabahan pa rin siya. Naghalikan sila noong nakalipas na gabi at ngayon, halos nakahubad sila at magkatabi sa kama….

Oh, Lord! Ano ang ginawa niya?

Tila noon lang naalimpungatan, unti-unting dumilat si Blake. Nang makita siya, ngumiti ito.

"'Morning," bati pa nito habang hinahapit siya lalo. Muli itong pumikit ito pero mayamaya ay bigla ring napadilat. "Kelly!"

Napabitaw ito sa kanya, sabay haltak sa kumot para ipantakip sa sarili.

Nagkatinginan sila nang ilang saglit. Pinilit niyang i-focus ang mga mata sa mukha nito. Kahit normal na sa kanya ang tanawing iyon, bigla ay nalalaswaan siya sa nakahantad nitong dibdib.

"M-may..." Kelly swallowed, "... may n-nangyari ba s-sa atin?"

Hindi ito sumagot, nakatitig lang sa kanya. Something stirred in her while staring at him. May kung anong expression sa mukha nito na hindi niya matukoy na nagpapahina sa kanyang mga buto.

Naisip niyang marahil ay nalilito rin ito. Kung siya ngang nakadalawang bote lang ng beer ay walang maalala sa mga nangyari, how much more si Blake na mas marami ang nainom?

"It's all right, Blake," halos pabulong na sabi niya. "Wala kang kasalanan. Pareho tayong nalasing kagabi."

"Kelly..." Aktong yayakapin siya nito pero nagbago ng isip. Ibinagsak nito ang mga kamay sa tagiliran. "I... I don't know what to say…"

"Let's just forget about this," aniya sa pilit pinakalmang tinig.

Inabot niya ang robang nakapatong sa sidetable at isinuot. Pagkatapos pinilit niyang tumayo. Gusto na niyang tumakbo patungo sa banyo at magkulong doon, pero hindi siya pinagbigyan ng nanghihina niyang mga tuhod. Napansin niya ang nagkalat na mga damit nila sa sahig. Kailan ba iyon nahubad sa kanila?

"No," ani Blake mayamaya. "Hindi pupuwedeng

ganoon na lang. Your brother entrusted you to me."

"Blake—"

"Paano kung magbunga ito?"

Nilingon niya ang kama. Wala roon ang bahid ng dugo na dapat ay nagmantsa sa bedsheet. Wala rin naman siyang maramdamang kakaiba sa katawan bukod sa nanghihina niyang mga tuhod at nananakit na ulo.

"Nothing happened, Blake. Sigurado ako."

"Pero kahit na—" Bahagyang tumaas na ang tono nito.

"Look, walang dugo…" Namula ang mga pisngi ni Kelly. Hindi niya alam kung paano magpapaliwanag dito.

"Yeah. Pero tingnan mo ang mga hitsura natin. Siguro nga hindi tayo umabot sa puntong nag-make love tayo—"

"Blake!" pigil niya sa iba pang sasabihin nito.

Ngunit hindi yata siya nito narinig. "—but I'm pretty sure we kissed and petted."

"Blake, stop!" Itinakip niya ang mga kamay sa dalawang tainga.

"Look at yourself in the mirror. Your lips are swollen, may kissmark ka sa leeg. At wala namang ipis dito sa kuwarto mo para kumagat diyan—"

"Blake!" Gusto na niyang sapakin ito para manahimik. Naninindig ang balahibo niya sa mga sinasabi nito. His words evoked something in her—something nasty and… sexy?

He sighed. "May nangyari, Kelly. I just couldn't remember kung anu-ano 'yun, pero sigurado ako."

Hindi siya sumagot. Nag-iinit ang pisngi niya dahil parang tuksong pumapasok sa kanyang isip kung paanong nagkaroon siya ng marka ng halik ni Blake sa leeg niya. Tumalikod siya nang makitang nagpapantalon na ang lalaki.

"Blake, tayong dalawa lang naman ang nakakaalam nito. I-promise mong hindi makakarating kay—" Bago pa niya matapos ang sasabihin, nakarinig sila ng sunud-sunod na busina sa labas ng bahay.

Nagkatinginan sila. Nandiyan na ang Kuya Mick niya!

"Hurry!" Itinulak niya ito palabas ng kanyang silid. Pinatakbo niya ito sa guest room sa ibaba. Nakahinga siya nang maluwag nang makitang wala

si Nanang Jacinta sa daraanan nito. Marahil ay nasa labas ang kasambahay at pinagbubuksan na ng gate ang kuya niya.

Nanginginig ang mga kalamnan na napaupo siya sa kama.

---

"May masakit pa ba sa 'yo?" naglalambing na tanong ni Mick kay Kelly. "Ba't parang tamilmil ka sa pagkain ngayon?"

Itinaas niya ang tingin sa kapatid, tipid na nginitian ito. "Okay lang ako, Kuya. Medyo masakit lang ang ulo ko."

Of course she could not tell him it was hangover. Na normal lang iyon dahil uminom siya nang nagdaang gabi. Tiyak na malalagot siya kapag nalaman nito ang totoo.

"Sigurado kang iyon lang ang masakit?" singit ni Blake na kasabay rin nilang kumakain ng almusal.

Napatingin siya rito. Alam niya ang ibig nitong tukuyin. Kung may nararamdaman ba siyang kakaiba sa katawan.

"I'm sure," she said. Palihim na sinipa niya ang binti nito sa ilalim ng mesa.

Hindi ba nito alam na nahihirapan na nga siya sa ginagawa niyang pagtatago sa kapatid? Kahit naiinitan siya, isinuot niya ang turtleneck blouse na iyon para maitago lang ang bakas sa leeg niya na kagagawan ni Blake.

"Aw!" hiyaw nito. Napasobra yata ang lakas ng sipa niya.

"O, bakit?" tanong ni Mick sa kaibigan.

"May lamok, kinagat ako," palusot na lang nito.

Binigyan niya ito ng matalim na tingin. Parang sinasabing, *Manahimik ka diyan!*

Natigilan siya sa pagnguya nang mag-ring ang cellphone sa bulsa niya. Nag-excuse siya sa mga kasalo bago sinagot ang telepono.

"Hello?"

"Is this Kelly?" said the voice on the other end of the line. "This is Sylvester Wright."

"Sylvester!" Tumayo siya at naglakad patungo sa sala.

"I got your number from your records here at the hospital. How are you?" usisa nito.

"I'm fine."

Hindi niya napansin ang pag-asim ng mukha ni Blake.

---

"May lakad ka yata, Kelly?" tanong ni Mick sa kapatid nang mapansin ang dalaga na nakabihis nang gabi ring iyon. Maaga siyang umuwi mula sa university para paghandaan ang alam niya ay magiging memorable night.

"May date ako." May tono pa ang salita ni Kelly na tila umaawit sa tuwa.

"Sino namang *malas* ang ka-date mo?" singit ni Blake. Kalaro ito ng kuya niya ng chess. Pagkakain ng almusal, umuwi na ito sa bahay nito na ikinatuwa niya. Ngunit bumalik din ito kinagabihan matapos ang office hours. Naputol tuloy ang pagsasaya niya.

"Si Sylvester Wright, ang aking Mr. Right," sagot niya, proud na proud pa.

"'Yung mestizong hilaw na nakabangga sa 'yo?" alma ni Mick. Obviously, naikuwento na ni Blake ang tungkol doon.

"Kuya, hindi niya iyon sinasadya. Ilang beses ko bang sasabihin?"

"Hindi ka man lang susunduin dito?" entra

muli ni Blake. "Ano ba namang klaseng lalaki iyon? Napaka-ungentleman." Hindi niya pinansin ang patutsada nito. "At hindi kaya masyadong maiksi iyang suot mo? Kita na ang kaluluwa mo, ah."

Asar na nilingon niya ito. Bumuka ang bibig niya para tarayan ito pero walang lumabas na salita sa bibig. Sa halip, parang gusto niyang pag-initan ng pisngi dahil sa pagkakahagod nito ng tingin sa kanya. Desire ba iyong nakita niya sa mga mata nito? O madumi lang ang isip niya?

"Magpalit ka ng damit, Kelly," utos ni Mick sa kanya. Kung hindi siguro sa sinabi ni Blake, hindi nito mapapansing medyo revealing ang kanyang miniskirt.

"Kuya!" maktol niya.

"Para kang bellas sa suot mo."

"Exactly!" Hari talaga ng epal ang Blake na iyon. "Mamaya, mapagtripan ka pa ng mga addicts diyan."

Gustong umusok ng ilong niya sa inis. Kung nagkataong kalabaw siya, sinuwang na niya ang lalaking mahusay manggatong. Buwisit!

"Magpalit ka na." Galit na ang tono ni Mick.

“Pero, Kuya, late na ‘ko—”

“Akyat na!”

Nagdadabog na umakyat muli si Kelly upang tunguhin ang kanyang silid nang makitang seryoso ang kapatid niya. Iniwan muna niya ng matalim na irap ang nakangising si Blake.

---

“Aalis na ako,” paalam ni Kelly sa kapatid. Leather pants ang ipinalit niya sa miniskirt. May scarf pa rin siya na nakapalibot sa leeg para itago ang kissmark ni Blake. Pinigilan niya ang sarili na manginig pagkaisip doon.

Hindi na nagkomento si Mick pero halata pa rin ang disgusto sa suot niya.

“Ako din, mauuna na,” narinig niyang sabi ni Blake.

“Sige nga, pare. Pakihatid na rin iyan sa pupuntahan niya at baka mapagtripan pa pag nag-commute.”

“Kuya!” Gusto niyang magreklamo pero matalim na tingin ang ibinigay ng kanyang kapatid kaya tumahimik na siya. May punto naman ang mga ito.

"Aalis na kami." Para siyang maamong tupa nang magpaalam.

Pinigilan niyang pumiksi nang hawakan siya ni Blake sa siko at igiya patungo sa kotse nito.

"Saan ba kayo magkikita?" tanong nito nang sakay na sila ng kotse nito.

Hindi malaman ni Kelly kung bakit tila naiilang siya sa presence ni Blake ngayon. Noong isang araw lang ay nagbibiruan sila pero ngayon ay tila hindi sila magkakilala.

Binanggit niya ang pangalan ng restaurant.

"Ano ba namang klase iyang date mo? Kababae mong tao ay pinapupunta ka doon nang mag-isa."

Gustong umikot ng eyeballs niya. *Here we go again*, she thought.

"Blake, I can handle myself. Huwag mo na lang akong pakialaman."

Tiim-bagang na lumingon ito sa kanya.

"Ibinilin ka sa akin ni Mick at pati na rin ni Tito Hector," tila yelo sa lamig ang tinig nito. Ang tinutukoy nitong Tito Hector ay ang nakababatang kapatid ng kanyang ama na siyang pinakamalapit

nilang kamag-anakan mula nang pumanaw ang mga magulang nila. Nasa New Jersey ito pero kakilala nito si Blake at ibinilin nito ang magkapatid sa binata.

“Hindi mo naman kailangang seryosohin iyon.”

“Gusto kong seryosohin,” mariin nitong sabi. “At meron pa tayong kailangang pag-usapan, Kelly. Iyong nangyari kagabi.”

Napabuga siya ng hangin. “Ilang beses ko bang sasabihin na walang nangyari?”

“Gusto kitang pakasalan,” halos pabulong nitong sabi.

It was some line she had always dreamt of hearing. Pero....

Marahas na nilingon niya ito. “Tanga ka ba? Hindi mo ‘ko kailangang panagutan dahil *wala* namang dapat panagutan.”

Under different circumstances, baka natuwa pa siyang nag-o-offer ito ng kasal. Pero hindi sa ganitong sitwasyon tila napilitan lang ito.

“You don’t understand. Pinagkakatiwalaan ako ng kapatid mo. Ibinilin ka niya sa akin. Kinakain ako ng guilt dahil sa nangyari—”

"Wala ngang nangyari! Hindi mo kailangang ma-guilty."

Pinigil niyang mag-init ang mga mata. Alam niyang naaawa lang ito sa kanya. At hindi niya masabi kung bakit tila patalim iyon na humiwa sa kanyang puso.

Hindi na sumagot si Blake pero halata sa mukha ang galit. Binilisan nito ang patakbo sa sinasakyan nila.

---

Tinampal ni Kelly ang noo. *Ano ka ba? Hindi dapat iyon ang iniisip mo!* pagalit niya sa sarili.

Alas tres na ng madaling-araw at kulang na lang ay basagin niya sa ulo ang flower vase sa ibabaw ng side table. Lahat na ng tupa ay nabilang na niya, naisama pa nga niya pati kambing at baka. Lahat na ng puwedeng gawin para makatulog siya, ginawa na niya. Tatlong basong gatas na rin ang nainom niya.

Pero mahabaging Diyos! Hanggang ngayon, gising na gising pa rin siya. Hindi siya dating insomniac.

At kung bakit naman sa dinami-dami ng

pupuwede niyang isipin, mukha pa ni Blake ang sumisiksik sa balintataw niya.

Bakit hindi na lang si Sylvester? She enjoyed their first date last night. She liked him.

Hinintay at pinaghandaan niyang mabuti ang gabing iyon simula nang makilala niya ang lalaki. Mabait ito at masarap kausap. Nalaman niyang Filipino ang ina nito at Amerikano ang ama. Nag-iisa lang ito sa Pilipinas dahil nasa Kentucky ang buong pamilya nito. Isa itong neuro-surgeon sa isang private hospital.

Sa tingin niya ay interesado ito sa kanya. At umaasa siyang liligawan siya nito. Kung hindi lang nakakahiya, she would ask him to kiss her para lang malaman na niya kung nandito ang pangalawang sign na hinula sa kanya ni Madamme Zipporah.

Kaya lang hinahanap niya ang pagsikdo ng kanyang puso kapag tinitigan siya nito. Kapag kasi si Blake ang tumitingin sa kanya nang ganoon ay para siyang aatakihin sa puso.

She sighed. Siguro ay mawawala rin sa isip niya ang kung anu-anong pumapasok doon tungkol kay Blake kapag napatunayan niyang si Sylvester nga ang para sa kanya.

Pero bakit ganoon? Bakit hindi niya malimutan ang mga titig ni Blake sa kanya kanina nang nag-uusap sila sa kotse nito? Buong gabi habang nagde-date sila ni Sylvester ay ito ang naiisip niya. Na para bang....

Pero imposible! He was like a brother to her already.

Nangungutya naman ang isang bahagi ng isip niya. Bakit siya natuturete ngayon at hindi makatulog? Para dumikit lang ang amoy ng binata sa mga unan at kumot niya, big deal ba iyon?

Pakiramdam ng dalaga ay nabubuhay muli ang dating paghanga niya sa lalaki. Parang mas matindi pa nga kaysa dati. Ayaw niya ng ganoon. Mali.

"Tigilan mo na ang kaiisip, Jacqueline Zaragosa! Matulog ka na, utang-na-loob!" kausap niya sa sarili.

Pinukpok niya ang unan sa ulo.